Bulag Sa Katotohanan

Bugoy Drilon

Kay rami ko nang naririnig
Kay raming gumugulo sa aking isip
Sabi nila ikaw raw ay may ibang mahal
Sabi rin nila na tayo'y hindi magtatagal

O kay sakit namang isipin
Mawawala ka sa 'king piling
Kaya't mabuti pa
Wag alamin ang totoo

Ayoko nang malaman pa
Na mayroon ka nang iba
Hayaan nang maging manhid itong isipan
'Di na inalam ang totoo
Baka masaktan lang ako
Hayaan nang maging bulag sa katotohanan
Mahal ko

'Wag sanang mawalay sa akin
'Wag sanang ikaw ay magbago
Tama na sa akin ang nalalaman ko
Sapat na sa akin ika'y nasa piling ko

O kay sakit kung iisipin
Na iba na ang 'yung damdamin
Kaya't mabuti pa'y 'wag alamin ang totoo

Ayoko nang malaman pa
Na mayroon ka nang iba
Hayaan nang maging manhid itong isipan
'Di na inalam ang totoo
Baka masaktan lang ako
Hayaan nang maging bulag sa katotohanan

Ayoko nang malaman pa
Na mayroon ka nang iba
Hayaan nang maging manhid itong isipan
'Di na inalam ang totoo
Baka masaktan lang ako
Hayaan nang maging bulag sa katotohanan
Mahal ko

Tištěno z pisnicky-akordy.cz

Sponzor: www.srovnavac.cz - vyberte si pojištění online!